

7TH AT BRANNAN

ABRIL 2020

Mga bagong abot-kayang tirahan para sa mga pamilya at indibidwal na may mababang kita



Nagpapanakula ang Mercy Housing na magbuo ng mga de-kalidad at abot-kayang tirhang apartment para sa mga pamilyang may mababang kita at mga pamilya at indibidwal na dating nakaranas ng kawalan ng tirahan. Ang development, na matatagpuan sa kanto ng 7th Street at Brannan Street, ay magseserbisyo sa mga kwalipikadong sambahayan at may kasama ritong mga amenidad tulad ng mga pribadong panloob at panlabas na pinagsasaluhanang espasyo, nasa site na pangasiwaan ng propyedad na may tauhan sa front desk nang 24 na oras, pagpoprograma ng Mga Serbisyo sa Residente para suportahan ang mga nasa hustong gulang, pamilya, at bata, at mga espasyong pangnegosyo na nagseserbisyo sa komunidad.

Ang Mercy Housing California ay ang pinakabihasang tagapagmay-ari ng pabahay na sinusulong ng serbisyo para sa mga pamilyang may mabababang kita.


ANG MERCY HOUSING CALIFORNIA AY KASALUKUYANG NANGANGASIWA SA

1,436 Pansuportang Tirahan **AT** 1,628 Residente

5,270 Pampamilyang Tirahan **AT** 13,891 Residente

PANGAKO SA KOMUNIDAD

Nakatuon ang Mercy Housing sa pagsasama sa lokal na komunidad sa proseso ng pagbuo sa pamamagitan ng iba't ibang paraan, kabilang ang pagkuha ng opinyon mula sa mga kapitbahay, samahan sa kapitbahayan, at lokal na lider, pati ang mga nakasulat at elektronikong komunikasyon. Sa pagsunod sa Mga Hakbang sa Paglayo sa Kapwa na may kinalaman sa COVID-19, hindi nagpaplano ang Mercy Housing na magdaos ng mga personal na pagpupulong o pakikisalamuha. Magbibigay ng pagkakataon para sa opinyon ng komunidad sa pamamagitan ng mga elektronikong paraan tulad ng mga email at sa pamamagitan ng 7th and Brannan website sa: 7thandBrannan.org



**INTERSEKSIYON
NG 7TH STREET AT
BRANNAN STREET
SAN FRANCISCO, CA
94103**

Uri ng Propyedad
Pampamilya at
Pansuporta

MAKIPAG-UGNAYAN KAY

William Ho
Tagapamahala ng
Proyekto
415.355.7134
WHO@mercyhousing.org



MERCY HOUSING

Ang Mercy Housing California (MHC) ay isang nonprofit na organisasyon para sa pagbuo ng pabahay na nakabase sa California na may misyong bumuo at magpalakas ng malulusog na komunidad. Ang Mercy Housing ay nakabuo at nakapagpanatili ng abot-kayang pabahay para sa mga taga-California sa loob ng mahigit na 30 taon. Sa kasalukuyan, nagmamay-ari at namamahala ang MHC sa 141 komunidad na may higit sa 9,500 tirahan sa buong estado para sa higit sa 19,400 tao.

Ang Mercy Housing Management Group (MHMG) ay ang magiging tagapamahalang ahente para sa propyedad at nakatuon ito sa pagbibigay ng mga de-kalidad na serbisyo sa pamamahala ng propyedad na nagpapatibay sa pilosopiyang karapat-dapat ang lahat ng residente na makatanggap ng paggalang, dignidad, at isang lugar na matatawag na tahanan. Ang MHC at MHMG ay mga kaakibat ng Mercy Housing, Inc., isang nasyonal na organisasyon para sa pagbuo, pamamahala, at mga serbisyo sa residente ng pabahay na itinatag ng anim na kongregasyon ng Women Religious kasama ang Daughters of Charity, ang Sisters of Mercy, at ang Sisters of St. Joseph of Orange.

Kinilala ang MHC para sa bukod-tanging disenyo, pamamahala sa kalidad, at modelo ng pagkaloob ng mga serbisyo nito ng maraming pampubliko at pribadong organisasyon, kasama ang National Association of Home Builders, Affordable Housing Finance, at ang American Institute of Architects.

MERCY HOUSING CALIFORNIA MGA LOKASYON NG PROPYEDAD

**may mga rehiyonal na tanggapan sa Los Angeles,
Sacramento, at San Francisco**

